# KALAGAN

Ryan Cezar Alcarde

## BUWAYA

Inihinto mo ang pagsagwan
nang matagpuan
ang hangganan
ng hardin ng lotus.

Marahang sumayaw
ang buong latian
at lumitaw sa rabaw
ang bulawang mga mata.

Kakambal ito ng sa iyo
at ng sa iyong ina.
Salamin sa salaming
nabasag

nang iguhit mo sa tubig
ang paglisan.
Nawala ang hardin.
Nawala ang latian.

Patungo sa lumuting
sinapupunan,
muli mong nalimot
ang pagkalunod.

## AWIT NI BELAY CAMPOS*

Nang maghanap ako ng kasagutan sa langit,
    balabal na dumating ang ulan.
Nanahan ang halumigmig sa aking dibdib
    at ihinele ako ng mga palakang nakikipagtalik

Nang maghanap ako ng kasagutan sa gabi,
    tuyong buhanginan ang aking mga panaginip:
pagkalagas ng talulot, pagpurol ng tinik,
    patay na hardin, balong walang tubig.

At nagising ako sa huling mga tikatik,
    sa tunog ng mga batong muling nabibiyak.
Dumadaloy sa labas ang mga sapa at saluysoy
    tungo sa himlayan ng mga patak.

Sinundan ko ang himig hanggang matagpuan
    ang sarili sa bunganga ng Ilog Wawa
at dito nasilip ang pagyakap ng liwayway
    sa isang naliligong diwata.

*Natagpuan ni Belay Campos noong 1918 ang istatwang ginto ng isang Tara sa Ilog Wawa, Esperanza, Agusan del Sur.

## CARAGA, 1634

O Mangabo, buwaya ng Tago,
bakit hindi sinugbo ang mga dilang apoy?
Hindi mo ba naamoy ang lansa ng dugong
pinadanak sa tuba? Hindi mo ba napansin
ang babaw ng sugat na kanilang hiniwa?
Kung nakikita mo lamang ngayon
ang pagkatupok ng mga balangay,
raragasa ka ring tulad ng suba
sa abuhing baybay.

## KAY KA MIGO*

*(mula sa dokumentaryong A Rustling of Leaves)*

Ikaw na nagbiyak ng tinapay
sa hapag ng mga magsasaka.
Ikaw na may tangang krusipiho.
Ikaw na may baril at bala.
Ikaw na naghatid sa bangkay
ng mga nagtaksil na kasama.
Ikaw na yapos ang tumatangis nilang ama.
Ikaw na yapos ang tumatangis nilang ina.
Ikaw na namamagitan sa hatol ng langit
at sa abang mga taga-lupa.
Paano mo nagawang tignan ang gubat
bilang pastulan at larangan ng digma?

Kay rami pa ring di ko maintidihan
na marahil ay matagal mo nang naresolba
sa maiksi ngunit di pangkaraniwan
mong buhay.

*Si Fr. Frank Navarro ay namatay bilang kasapi ng NPA sa kabundukan ng Surigao noong 1994.